CUPE
Canadian Union of Public Employees

# PAHAYAG TUNGKOL SA PAGIGING PANTAY-PANTAY (EQUALITY STATEMENT)

Ang pagkakaisa ng unyon ay batay sa prinsipyo na ang mga miyembro ng unyon ay pantay-pantay at karapat-dapat na magkaroon ng respeto sa isa't-isa sa lahat ng levels. Ang anumang kilos na lumilikha ng pagtutunggali ay naghahadlang sa atin na magtulungan upang palakasin ang ating unyon.

Bilang mga unionist, ang respeto sa isa't-isa, ang kooperasyon, at ang pag-unawa ay ang ating mga layunin. Hindi natin dapat payagan o tiisin ang kilos na sumisira sa karangalan o sa pagpapahalaga sa sarili ng anumang indibidwal, o na lumilikha ng nakakatakot, may pagkapoot, o nakakainsultong kapaligiran.

Ang nagdidiskriminang pananalita o kilos na racist, sexist, transphobic, o homophobic ay nakakasakit at sa gayon ay naghihiwalay sa atin. Gayun din ang diskriminasyon dahil sa kakayahan, edad, class, relihiyon, wika, at etnikong pinanggalingan.

Paminsan-minsan ay nasa anyo ng panliligalig ang diskriminasyon. Ang ibig sabihin ng panliligalig ay ang paggamit ng tunay o inaakalang lakas na mag-abuso, manliit, o magpahiya. Ang panliligalig ay hindi dapat tratuhin bilang biro. Ang naiilang na pakiramdam at ang sama ng loob na nililikha nito ay hindi mga damdaming nakakatulong sa atin na bumuti bilang isang unyon.

Ang diskriminasyon at panliligalig ay nagbibigay-diin sa mga katangiang dahilan ng ating pagkakaroon ng pagkakaiba; at binabawasan nila ang ating kakayahang magtulungan hinggil sa ating mga pare-parehong alalahanin tulad ng mabuting suweldo, mga ligtas na kondisyon sa trabaho, at katarungan sa lugar ng trabaho, lipunan, at sa ating unyon.

Dapat ipakita ng mga patakaran at mga gawi ng CUPE ang ating pangakong maging pantay-pantay. Dapat tandaan ng mga miyembro, staff, at mga ibinotong opisyal na ang lahat ng mga tao ay nararapat lamang magkaroon ng karangalan, maging pantay-pantay, at tratuhin nang may respeto.

MARK HANCOCK
Pambansang Presidente

CANDACE RENNICK
Pambansang Secretary-Treasurer